BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Pilot na Programa ng E-Scooter inilulunsad sa Brampton

***Aambag ang Programa sa pagsuporta sa fulsome na network ng aktibong transportasyon na kumukonekta sa mga komunidad***

BRAMPTON, ON (Abril 6, 2023) - Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton, sa pakikipagtulungan sa Neuron Mobility, Bird Canada at Scooty Mobility, ang pinakaunang prgramang E-scooter sa Brampton.

Hanggang 750 scooters ang magiging available para sa pampublikong paggamit sa buong Lungsod ng Brampton.

Pwedeng i-approach ng mga user ang naka-lock na E-scooter, i-scan ang QR code, I-download ang app at sundan ang mga tagubilin ng vendor para i-unlock ito at sakyan, na kinokonekta ang mga residente sa ibang sustenableng opsyon ng aktibong transportasyon. Ang mga E-scooter ay pwedeng gamitin sa mga daan na may limitasyon ng bilis na 50 km/o o mas mababa, mga lane ng bisikleta, at may maramihang gamit na mga daan at bibiyahe nang hanggang 20 km/o, na may geo-fencing na pinababaan ang maximum na bilis na hanggang 15 km/o sa ilang lokasyon. Hindi para gamitin sa mga sidewalk ang mga ito. Kung ang isang E-scooter ay dinala sa isang no-riding zone, maayos na hihinto ang behikulo at tatanggap ang user ng abiso na dapat silang magpatuloy sa isang pinapayagang lugar.

Inuuna ng Lungsod ng Brampton ang mga programa at plano sa aktibong transportasyon sa pagsisikap na magkaroon ng mas konektadong mga komunidad, na lumilikha ng wholesome na network ng aktibong transportasyon, na pinagsasama sa kumpletong mga kalye.

Noong Enero 2021, inumpisahan ng lalawigan ang isang limang taon na pilot na proyekto ng electric kick-scooter na nagpapahintulot sa mga munisipalidad na i-regulate ang paggamit ng mga E-scooter. Bilang isang haligi ng aktibong transportasyon. Ang programang E-scooter ay kokonekta sa mga komunidad, serbisyo at negosyo sa buong downtown core at mga kapitbahayan sa buong Brampton.

Ipinipresenta ng Aktibong Transportasyon ang isa sa pinakamalaking hindi na-tap na mga oportunidad para sa pagpapababa sa iisang okupante na mga biyahe ng behikulo, at para sa pagtugon sa isang host ng disenyo ng komunidad at mga isyu sa kalusugan ng publiko. Ang programang E-scooter ay pinagsisikapan ng Lungsod ng Brampton upang makapagtayo ng isang Network ng Aktibong Transportasyon.

Ang Active Transportation Master Plan (ATMP) ay nagbibigay ng plano, mga patakaran, at mga programa ng network para suportahan ang 2040 Bisyon ng Brampton para sa mosaic ng ligtas, integradong mga pagpipilian ng transportasyon at bagong mga mode, na umaambag sa civic na pagka-sustenable at binibigyang diin ang paglalakad, pagbibisikleta, at transit.

Susubaybayan ng Lungsod ang feedback ng mamamayan sa pamamagitan ng escooters@brampton.ca. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/escooters.

**Mga Mahahalagang Link:**

- Bird Micro-Electric Mobility: Electric Bikes at Scooters Para sa mga Lungsod
- Neuron Mobility: Safety-leading e-scooter at e-bike operator (rideneuron.com)
- SCOOTY | Ridesharing, Electric Scooters, Electric Bikes, Accessories Store (ridescooty.com)
- Lungsod ng Brampton Cycling at Mapa ng mga Trail

Mga **Quote**

“Ang pag-aalok ng na-access at mga opsyon ng aktibong transportasyon ay ang prayoridad para sa Lungsod, at ang pilot program na ito ay isang paraan lamang ng paggawa niyan. Nananabik kaming makipagtrabaho sa ating mga partner upang dagdagan ang mga pagkakataon ng mga residente at panauhin ng Brampton. Kumukonekta tayo sa mga tao at espasyo na dahilan ng pagiging napaka-katangi-tangi ng ating lungsod, at dagdag na nagkakaroon ng mas malakas na pakiramdam ng komunidad.”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nananabik ang SCOOTY na ianunsyo na ang aming e-Scooter service ay available na ngayon sa Lungsod ng Brampton. Ipinagmamalaki ng SCOOTY na maging isang micromobility company na nasa Brampton na sagot ng Canada sa industriya ng e-Scooter. Dinala namin ang aming konsepto ng partnership-based micromobility sa Lungsod ng Brampton noong 2019 at pinatakbo ang aming pinakauna sa lungsod noong 2020. Nagbabalik ang SCOOTY sa Brampton para tuparin ang aming layunin ng pagbabago sa paraan ng pag-commute at pagbibiyahe ng mga residente at mga panauhin. Ang kinabukasan ng mobility sa Brampton ay multimodal, at naririto kami para gawing mas madali para sa iyo ang mga biyahe.”

*- Shoaib Ahmed, Founder and CEO, SCOOTY*

"Mula nang una naming dinala ang Bird sa Canada, nakita namin na napakaraming tao ang tumanggap sa mga e-scooter bilang mapagkakatiwalaan, abot-kaya at sustenableng paraan upang maglibot-libot sa kanilang mga lungsod, ang Brampton ay isang masiglang komunidad, at ipinagmamalaki namin na maging parte ng pinagkasunduang micromobility program dito. Nagpapasalamat kami sa lahat ng lider ng Brampton sa kanilang mapagmalasakit at nakikipagtulungang paraan sa buong proseso."

*- Stewart Lyons, President, Bird*

“Inaasahan namin ang pakikipag-partner sa Lungsod ng Brampton para makagawa ng positibong pagbabago sa komunidad, sa pamamagitan ng mas maraming access sa ligtas, ismarte a sustenableng mga opsyon sa pagbibiyahe. Sa Neuron, ang kaligtasan ang ating nangungunang prayoridad, dinidikta nito ang disenyo sa ating e-scooter at ang paraan ng pagpapatakbo natin dito. Ang ating mga e-scooter ay puno sa modernong mga katangiang pangkaligtasan at alam natin mula sa

karanasan na hinahangaan ito ng mga rider. Sa pagiging bago ng mga e-scooter sa lungsod, malamang na may marami pang magiging una, kaya gusto naming huwag magmadali sa pagpapatupad ng mga tuntunin sa pagsakay. Welcome ang mga rider na bisitahin ang ating online ScootSafe Academy upang makakuha ng mga libreng credit sa mga pagsakay sa hinaharap. Gusto rin naming paalalahanan ang lahat ng mga rider na huwag na huwag uminom at sumakay, responsableng magparada at protektahan ang kanilang mga sarili gamit ang mga helmet na inilalaan sa ating mga sa e-scooter."

- *Ankush Karwal, Head of Market for Canada at Neuron Mobility*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking mga lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca